



May makukuhang tulong sa sakuna para sa pagbaha sa Churchville area

BRAMPTON, ON (Abril 1, 2022) – Bilang tugon sa naganap na pagbaha sa Churchville area noong Pebrero, [ina-activate ang programang Disaster Recovery Assistance for Ontarians \(DRAO\)](#) ng pamahalaan ng Ontario para suportahan ang mga residente at pamilya ng Brampton na naapektuhan nitong natural na sakuna.

Ang programang tulong sa sakuna ay mailalapat sa pangunahing residensya at sa pangunahing mga nilalaman nito, isang maliit na negosyo, sakahan o not-for-profit na organisasyon. Ang pondo ay mailalapat sa mga gastos sa emergency at mga gastos sa pagkumpuni o paghahalili sa mahalagang propyedad na hindi sakop ng insurance. Hinihiling sa mga residente na makipag-usap sa kanilang mga pribadong insurance provider para repasuhin ang coverage at mga gastos.

Ang deadline para magsumite ng aplikasyon ay Biyernes, Hulyo 29, 2022.

Ang mas maraming impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat at coverage, isang area map at mga panuntunan ay makikita sa ontario.ca/disasterassistance.

Kaligtasan sa Baha

Sa mga temperaturang inaasahang umakyat habang nagpapatuloy ang spring, ang mga residente ay hinihikayat na subaybayan ang pattern ng pagbabago ng klima at kanilang propyedad nang naaayon.

May mga hakbang na magagawa ninyo para matiyak na handa kayo sa kaganapan ng pagbaha. Tanggalin ang anumang labis na debris mula sa mga catch basin at downspout para ang ulan, natutunaw na niyebre at yelo ay malayang makakadaloy at may mapupuntahan.

Kung nagaganap ang pagbaha:

- Huwag na huwag tangkaing patayin ang kuryente kung kailangan ninyong maglakad padaan sa tubig para gawin ito. Makipag-ugnayan sa Hydro One Brampton para patayin ang kuryente.
- Huwag na huwag yumapak sa isang silid kung saan ang tubig ay maaaring nadaiti sa mga outlet ng kuryente, mga appliance o kable.
- Lulat ang anumang pagkakatipon ng tubig (hal., malaking pool ng tubig sa mga pangresidensyang kalye) sa pamamagitan ng pagtawag sa 3-1-1 o mag-email sa 311@brampton.ca.



Matapos humupa ang pagbaha:

- Siguruhin ang wastong paglilinis sa inyong tahanan/propyedad para poprotekta laban sa pangmatagalang mga panganib kaugnay ng amag at pagtagos ng tubig.
- Huwag maglakad o magmaneho padaan sa mga binahang daan. Ang pagkakatipon ng tubig ay maaaring makakaapekto sa kaligtasan ng mga kalye at bangketa.

Maging handa

- Alamin ang mga panganib at kailangang alam ninyo ang mga panganib na makakaapekto sa inyong tahanan.
- Magkaroon ng isang plano sa emergency na alam ng buong sambahayan.
- Maghanda ng isang emergency kit na may pangunahing mga suplay na makakasustine sa inyo sa loob ng di-bababa sa 72 oras.
- Makipag-usap sa inyong insurance provider at tiyakin na meron kayong wastong coverage.

Para sa karagdagang impormasyon at mga tip sa kaligtasan sa pagbaha mula sa Brampton's Emergency Management Office, bisitahin ang [Brampton.ca/prepared](https://brampton.ca/prepared) at sundan sila sa Twitter [@BEMOprepared](https://twitter.com/BEMOprepared).

-30-

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Media
multiculturalmedia@brampton.ca